AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

**Aralin 63**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 63** |
|---|
| Theme: Ang Kwento Ng Batang Bakunawa At Ng Diyos ng Buwan - Si Bana: Ang Batang Bakunawa |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**ANG KWENTO NG BATANG BAKUNAWA AT NG DIYOS NG BUWAN : SI BANA: ANG BATANG BAKUNAWA**

**WRITING PROMPT LESSON 63**

**---**

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa linggong ito, isang panibagong kwento ang ating matutunghayan, tungkol sa batang bakunawa at sa diyos ng buwan, si Libulan. Sa nakaraang kwento, tayo'y lumusong sa ilalim ng karagatan ni Aman Sinaya at nakarating sa kweba ng bakunawa, handa ka na bang harapin ang nilalang na kumuha ng buwan? Simulan na natin!

**II.Writing Prompt of the Day**

Nang narating niyo na ang kweba, naunang pumasok ang dyosa sa loob. Napakadilim nito. Nagsalita ang dyosa, "Lumiwanag." At unti-unting lumiwanag ang inyong daanan. Ang kweba ay pataas tila isang bundok sa ilalim ng dagat.

Habang naglalakad ay nakita mo ang kweba. Makikita sa pader nito ang mga palamuting may kaugnayan o kahugis ng buwan. Nang naabot niyo ang dulo, nasa tuyong lupa na ulit kayo. At sa tuyong lupang ito'y may isang kwarto. Rinig mo ang isang batang kumakanta. Siya'y umaawit sa saliw ng Leron Leron Sinta...

"Bilog bilog buwan, nakuha ko ang buwan. O kay saya ko na, ibabalik ko ba?"

Tumigil ang awit ng bata. At ito'y nagsalita, "Aman Sinaya? Andito ka po ba para sa buwan?"

Bumukas ang kwarto. Sa loob, makikita ang isang batang babaeng nasa lima o anim na taong gulang. May tenga at buntot itong katulad ng sa dragon. Sa kamay nito hawak niya ang isang tila pilak na bola.

Sumagot ang diyosa sa isang mapagkalinga ngunit mariing boses, "Bana, hindi sa iyo ang buwan."

Hinawakan ka ng dyosa sa balikat upang palapitin ka sa bata. "Ilalagay ko ba dyan ang buwan?" Mangiyak-ngiyak na sabi ng batang bakunawa. Ating dugtungan ang kwento!

•Ano ang isasagot mo kay Bana?
•Bakit kailangan mong ibalik ang buwan sa iyong mundo?
•Mangiyak-ngiyak ang bata habang inaabot sa iyo ang buwan, anong sasabihin mo upang hindi na siya umiyak?
•Magagalit ka ba sa batang bakunawa dahil kinuha niya ang buwan?
•Bakit kaya niya kinuha ang buwan?

**III.Teacher's Message**
Ano kayang mangyayari sa ating kwento? Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

Excited na kaming malaman ang inyong kwento. Tandaang gamitin ang mga tanong upang mabuo ang iyong kwento. Abangan din next time ang susunod na kabanata!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."